TALÓS
ISSN : Applied
TALÓS: Saliksik sa Wika, Kalinangan, at Likas-Kayang Pag-unlad
(TALÓS: Philippine Journal of Language, Culture, and Sustainable Development)
Vol. 1, No. 2, 2026 | DOI:

# Ang Kabisaan ng Paggamit ng Differentiated Instruction sa Pagtuturo ng Filipino sa Lahat ng Pampublikong Paaralan Antas Sekondarya sa Purok ng Polangui North, Sangay ng Albay Pagtuturo

**Racquel R. Sabordo**
Master of Arts in Education-Major in Filipino, University of Northeastern Philippines, Iriga City, Camarines Sur, Philippines

*Abstrak*: Layunin ng pag-aaral na masuri ang kabisaan ng paggamit ng Differentiated Instruction (DI) sa pagtuturo ng Filipino, matukoy ang mga hamong nararanasan ng mga guro, at makabuo ng mga rekomendasyong pampolisiya. Nakaangkla ito sa mga konsepto ng konstruktibismo, Zone of Proximal Development, at pag-aangkop ng pagtuturo sa magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ginamit ang deskriptibo-ebalwatib-korelasyonal na disenyo at isang talatanungang binuo ng mananaliksik na may 93 aytem. Kabilang sa mga respondyente ang 39 na gurong nagtuturo ng Filipino sa anim na pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Polangui North, Sangay ng Albay, sa Taong Panuruan 2025–2026. Sinuri ang datos gamit ang weighted mean, ranggo, Kendall Coefficient of Concordance W, at chi-square. Natuklasang mabisang mabisa ang paggamit ng DI, na may pangkalahatang weighted mean na 4.55. Pinakamataas ang pagtataya sa motibasyon (4.66), samantalang pinakamababa ang pag-unawa sa binabasa (4.43). Tinayang pinakamatindi ang mga hamong nararanasan ng mga guro (4.51), partikular ang kakulangan sa kagamitang panturo at teknolohiya (4.63) at kasanayan at kaalaman sa DI (4.52). Natukoy rin ang makabuluhang pagkakasundo ng mga ranggo sa pagtataya ng kabisaan at mga hamon. Iminungkahi ang paggamit ng kagamitang diagnostiko, regular na pagsasanay ng mga guro, sapat na pondo at kagamitan, pleksibleng pagtataya, at pagsusuri sa laki ng klase. Kaugnay ang pag-aaral sa Sustainable Development Goal 4 (Dekalidad na Edukasyon), lalo na sa pagtataguyod ng inklusibong pagtuturo at pagpapaunlad ng mga guro. Maaaring makatulong ang mga natuklasan sa pangmatagalang pagpapahusay ng mga gawaing panturo at patakarang pampaaralan, bagaman nakabatay lamang ang mga ito sa pagtat**aya ng mga gurong kalahok sa partikular na lokalidad.**

**Mga Susing Salita** Aktibong Pakikilahok; Kagamitang Panturo; Kasanayan Ng Guro; Motibasyon; Pag-Unawa Sa Binabasa; Pagtuturo Ng Filipino

## INTRODUKSIYON

Ang Differentiated Instruction (DI), o pag-aangkop ng pagtuturo, ay isang pamamaraang isinasaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng kahandaan, kakayahan, at interes ng mga mag-aaral. Sa asignaturang Filipino, maaari itong gamitin sa pag-aangkop ng mga gawain sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan. Gayunman, nangangailangan ang pagpapatupad nito ng sapat na oras sa paghahanda, angkop na kagamitang panturo, kasanayan ng guro, at suportang institusyonal. Nakatuon ang kasalukuyang pag-aaral sa pagsusuri sa kabisaan ng paggamit ng DI sa pagtuturo ng Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Polangui North, Sangay ng Albay, sa Taong Panuruan 2025–2026. Sinusuri nito ang mga aspekto ng pagkatuto, mga hamong nararanasan ng mga guro, at mga rekomendasyong pampolisiya na maaaring mabuo mula sa mga natuklasan.

Hindi magkakatulad ang antas ng kahandaan, interes, at pangangailangan ng mga mag-aaral sa loob ng isang silid-aralan. Dahil dito, mahalagang magkaroon ng mga pamamaraang panturo na nagbibigay ng angkop na gawain at suporta habang pinananatili ang inaasahang kasanayan sa asignatura. Sa DI, maaaring iangkop ng guro ang nilalaman, proseso, gawain, at pagtataya batay sa natutukoy na pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa isang sistematikong pagsusuri at meta-analisis ng 49 na pag-aaral, natukoy nina AM et al. (2023) ang pangkalahatang positibong epekto ng DI sa mga kinalabasan ng pagkatuto. Gayunman, nagkakaiba ang mga epekto ayon sa konteksto ng bansang pinagsagawaan ng pag-aaral. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangang suriin ang DI sa partikular na asignatura at lokalidad sa halip na ipagpalagay na magkakatulad ang magiging resulta sa lahat ng paaralan.

Kabisaan sa pagkatuto ng Filipino. Sinuri nina Pinaranda at Sario (2024) ang DI sa 60 mag-aaral sa Baitang 9 sa Davao de Oro gamit ang kuwasi-eksperimental na disenyo. Nagkaroon ng pag-unlad ang parehong pangkat sa kanilang pagsusulit, at iniulat ng mga mananaliksik ang positibong ambag ng DI sa akademikong pagganap sa Filipino. Samantala, tinalakay nina Rivera at Mangindra (2025) ang paggamit ng DI sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa senior high school. Iniulat din nila ang pakinabang ng pag-aangkop ng pagtuturo sa konteksto ng kanilang pag-aaral sa online na pagkatuto. Kahandaan at pagpapaunlad ng guro. Sa meta-analisis nina Kahmann et al. (2022), nakatulong ang mga programa sa propesyonal na pag-unlad upang mapahusay ang kaalaman, pananaw, at praktika ng mga guro sa DI. Mas nakatulong sa kanilang praktika ang pagsasanay na nakatuon sa isang partikular na asignatura. Gayunman, walang natukoy na estadistikang makabuluhang pangkalahatang epekto ang mga programang sinuri sa mismong pagkatuto ng mga mag-aaral. Binigyang-diin naman

nina Langelaan et al. (2024) ang kahalagahan ng aktibong pagkatuto, kolaborasyon, pagninilay, at konteksto ng paaralan sa paghahanda ng mga guro para sa DI. Pamumuno at suportang pampaaralan. Natukoy nina Porta et al. (2024), mula sa mga panayam sa 12 guro sa tatlong paaralan sa Australia, ang pagkakaiba-iba ng kamalayan sa mga patakaran at suportang ibinibigay ng pamunuan para sa DI. Ipinakikita ng kanilang pag-aaral na dapat ding suriin ang mga kundisyong institusyonal, at hindi lamang ang mga estratehiyang ginagamit sa silid-aralan. Sa kabuuan, ipinakikita ng mga bagong literatura ang potensiyal ng DI sa pagkatuto at ang mahalagang papel ng pagsasanay, kagamitan, at pamunuan. Gayunman, kailangang suriin nang magkahiwalay ang iniulat na kabisaan ng pagtuturo, aktuwal na pagganap ng mag-aaral, at mga salik na nakaaapekto sa implementasyon.

Sa lokal na antas, nakatuon ang pag-aaral sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa junior at senior high school sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Polangui North, Sangay ng Albay. Kabilang sa sinusuri ang motibasyon, aktibong pakikilahok, tiwala sa sarili sa pagsasalita at pagsusulat, pag-unawa sa binabasa, at pagganap sa pagsusulit. Tinutukoy rin ang mga hamon sa oras, kagamitan at teknolohiya, kaalaman ng guro, at pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral. Sa pambansang antas, pinagtitibay ng Republic Act No. 11650 ang patakaran ng inklusibong edukasyon at ang pagbibigay ng angkop na serbisyo para sa mga mag-aaral na may kapansanan. Kaugnay ito ng pangangailangang makapagbigay ang mga paaralan ng pagtuturong tumutugon sa magkakaibang pangangailangan, bagaman hindi dapat iturin na DI lamang ang kabuuan ng inklusibong edukasyon. Sa pandaigdigang antas, binibigyang-diin ng United Nations ang inklusibo, patas, at de-kalidad na edukasyon. Kaugnay nito, inilatag ng CAST (2024) sa Universal Design for Learning Guidelines 3.0 ang pagbibigay ng maraming paraan ng pakikilahok, paglalahad ng impormasyon, at pagpapahayag ng natutuhan. Magkaugnay ang mga prinsipyong ito at ang DI sa layuning mabawasan ang mga hadlang sa pagkatuto.

Ang pag-aaral ay nakaugat sa mga konsepto ng konstruktibismo, paggabay sa pagkatuto sa pamamagitan ng Zone of Proximal Development, pagkakaiba-iba ng kakayahan ng mga mag-aaral, at inklusibong pagdidisenyo ng pagtuturo. Sa konteksto ng Filipino, binibigyang-diin ng mga konseptong ito ang aktibong pagbuo ng kaalaman, pagbibigay ng tulong ayon sa kasalukuyang kakayahan, at paggamit ng magkakaibang gawain upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay bahagi ng orihinal na balangkas ng tesis; hindi binago ang kasaysayan o taon ng pagkakabuo ng mga pundamental na teorya. Bilang napapanahong kaugnay na balangkas, binibigyang-diin ng CAST (2024) ang mga opsiyon sa pakikilahok, pag-unawa, at pagpapahayag. Mahalagang linawin na ang pagbibigay ng iba't ibang pamamaraan ay hindi nangangahulugang dapat ikahon ang bawat mag-aaral bilang visual, auditory, o kinesthetic learner. Sa meta-analisis nina Clinton-Lisell at Litzinger (2024), itinuring na hindi sapat ang nakitang pakinabang ng mahigpit na pagtutugma ng pagtuturo sa mga nakatakdang learning style upang irekomenda ang malawakang pagpapatupad nito. Sa konseptuwal na daloy ng kasalukuyang pag-aaral, nagsisilbing batayan ang mga patakaran, teorya, literatura, at datos mula sa mga guro. Sinusuri ang kabisaan ng DI at ang mga hamon sa implementasyon upang makabuo ng mga rekomendasyong pampolisiya para sa pagtuturo ng Filipino. Bagaman may mga bagong pag-aaral tungkol sa DI sa Filipino, nakatuon ang mga ito sa ibang paaralan, pangkat ng mag-aaral, at konteksto ng pagtuturo. Halimbawa, sinuri nina Pinaranda at Sario (2024) ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Davao de Oro, samantalang nakatuon ang pag-aaral nina Rivera at Mangindra (2025) sa isang asignatura sa senior high school sa konteksto ng online na pagkatuto. Hindi direktang kinakatawan ng mga resultang ito ang mga guro at paaralan sa Polangui North. Samakatuwid, ang pangunahing puwang na tinutugunan ng kasalukuyang pananaliksik ay ang kakulangan ng ebidensiyang nakatuon sa pagtataya ng mga guro sa kabisaan ng DI, mga hamon sa pagpapatupad nito, at mga kaukulang rekomendasyong pampolisiya sa pagtuturo ng Filipino sa Polangui North. Ang pag-aaral ay naglalayong magbigay ng batayang lokal para sa pagpapahusay ng pagtuturo, hindi magpalagay na ang mga natuklasan sa ibang lugar ay awtomatikong naaangkop dito.

Pangunahing nakaangkla ang pananaliksik sa Sustainable Development Goal 4 — Dekalidad na Edukasyon. Kaugnay ito ng Target 4.1 sa makabuluhang kinalabasan ng edukasyong sekondarya, Target 4.5 sa pantay na pagkakataon sa edukasyon, at Target 4.c sa pagpapahusay ng kwalipikasyon at paghahanda ng mga guro. Tinutugunan ng pag-aaral ang mga layuning ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pamamaraang panturo at hamong maaaring maging batayan ng mga hakbang para sa mas inklusibong pagtuturo ng Filipino. Hindi tuwirang sinusukat ng pananaliksik ang katuparan ng SDG 4 sa buong distrito. Sa halip, maaari itong magbigay ng limitadong ebidensiyang magagamit sa pagpaplano at pagpapaunlad ng mga gawaing pang-edukasyon.

Mahalaga ang pag-aaral sa pagpapanatili ng kalidad ng edukasyon sapagkat maaari itong makatulong sa mga guro at tagabuo ng kurikulum na matukoy ang mga aspektong nangangailangan ng pagpapahusay sa pagtuturo ng Filipino. May kaugnayan din ito sa panlipunang pagpapanatili dahil binibigyang-pansin ang patas na pagkakataong makilahok at matuto ang mga mag-aaral na may magkakaibang pangangailangan. Sa larangan ng wika at kultura, maaaring maging batayan ang mga natuklasan sa pagbuo ng mga gawaing magpapaunlad sa pagbasa, pagsulat, at pakikipagtalastasan sa Filipino. Sa teknolohiya at pamamahalang institusyonal, maaari namang gamitin ang datos tungkol sa kakulangan ng kagamitan, oras, at pagsasanay upang makapagpanukala ng naaangkop na suporta at patakaran. Sa kabuuan, ang ambag ng pananaliksik ay nakasalalay sa paggamit ng mga natuklasan bilang batayan ng mga pasiyang pampagtuturo at pampaaralan. Hindi nito tuwirang sinusukat ang mga aspektong pangkapaligiran o pang-ekonomiya ng pagpapanatili, kaya hindi iniuugnay ang pag-aaral sa mga larangang iyon nang walang sapat na batayan.

## METODOLOHIYA

### *A. Disenyo ng Pananaliksik*

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo-ebalwatib-korelasyonal na disenyo upang mailarawan at mataya ang kabisaan ng DI sa pagtuturo ng Filipino batay sa motibasyon,

aktibong pakikilahok, tiwala sa sarili sa pagsasalita at pagsusulat, pag-unawa sa binabasa, at pagganap sa pagsusulit. Sinuri rin ang mga hamong nararanasan ng mga guro kaugnay ng oras sa paghahanda, kagamitang panturo at teknolohiya, kaalaman at kasanayan sa DI, at pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral. Ginamit ang korelasyonal na pagdulog upang suriin ang pagkakasundo ng mga ranggo sa pagtataya ng mga respondyente sa kabisaan at mga hamon ng DI sa pamamagitan ng Kendall Coefficient of Concordance W.

### *B. Lugar ng Pag-aaral, Mga Kalahok ng Pag-aaral at Sampol ay Pamamaraan ng Pagpili*

Isinagawa ang pananaliksik sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Polangui North, Sangay ng Albay, sa Taong Panuruan 2025–2026. Saklaw nito ang Polangui General Comprehensive High School, Itaran National High School, Ponso National High School, Maysua High School, Anopol Integrated School, at Kinuartelan Integrated School. Ang mga paaralang ito ang pinagmulan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino na naging kalahok sa pag-aaral. Binubuo ang mga respondyente ng 39 na gurong nagtuturo ng Filipino sa junior at senior high school sa anim na pampublikong paaralang sekondarya sa Polangui North. Kabilang dito ang 17 guro mula sa Polangui General Comprehensive High School, siyam mula sa Itaran National High School, siyam mula sa Ponso National High School, dalawa mula sa Maysua High School, at tig-isa mula sa Anopol Integrated School at Kinuartelan Integrated School. Hindi kabilang sa pag-aaral ang mga gurong nagtuturo ng ibang asignatura o nasa ibang antas ng edukasyon. Ginamit sa pananaliksik ang purposive sampling sa pagtukoy sa mga kalahok na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Purok ng Polangui North, Sangay ng Albay. Isinama rin sa pag-aaral sa pamamagitan ng kabuuang enumerasyon ang lahat ng 39 na gurong nagtuturo ng Filipino sa junior at senior high school sa mga natukoy na paaralan.

### *C. Instrumento ng Pananaliksik*

Gumamit ang mananaliksik ng sariling binuong talatanungan (research-made questionnaire) na may kabuuang 93 aytem at dalawang pangunahing bahagi. Ang unang bahagi ay binubuo ng 51 aytem na sumusukat sa antas ng kabisaan ng DI batay sa motibasyon, aktibong pakikilahok, tiwala sa sarili sa pagsasalita at pagsusulat, pag-unawa sa binabasa, at pagganap sa pagsusulit sa Filipino. Ang ikalawang bahagi ay binubuo ng 42 aytem na tumutukoy sa mga hamong may kaugnayan sa oras ng paghahanda, kagamitang panturo at teknolohiya, kaalaman at kasanayan ng guro, at pagkakaiba-iba ng kakayahan, interes, at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ginamit ang limang-puntong iskala upang bigyang-kahulugan ang mga tugon. Para sa kabisaan, ang mga saklaw na 4.50–5.00, 3.50–4.49, 2.50–3.49, 1.50–2.49, at 1.00–1.49 ay binigyang-kahulugan bilang mabisang mabisa, higit na mabisa, mabisa, di-gaanong mabisa, at walang bisa. Para sa mga hamon, ang katumbas na interpretasyon ay pinakamatinding hamon, mas matinding hamon, katamtamang hamon, di-gaanong hamon, at walang hamon. Para sa balidasyon, sinuri ang talatanungan ng mga tagamasid pampurok, punong-guro, dalub-guro, at tagapayo ng mananaliksik. Ginamit ang Kuder-Richardson Formula 21 ayon sa pormulang binuo ni Diederich (1976) upang suriin ang katatagan ng instrumento. Ginamit din ang t-test sa pagsusuri ng korelasyon (Siegel, 1988), kung saan iniulat ang nakuhang t-value na 7.36.

### *D. Baryabol ng Pag-aaral*

Nakatuon ang pag-aaral sa dalawang pangunahing baryabol: ang antas ng kabisaan ng paggamit ng Differentiated Instruction (DI) sa pagtuturo ng Filipino at ang mga hamong nararanasan ng mga guro sa pagpapatupad nito. Sinuri ang kabisaan batay sa motibasyon sa pag-aaral, aktibong pakikilahok sa talakayan, tiwala sa sarili sa pagsasalita at pagsusulat, pag-unawa sa mga tekstong binabasa, at pagganap sa pagsusulit sa Filipino. Samantala, tinukoy ang mga hamong may kaugnayan sa kakulangan ng oras sa paghahanda ng aralin, kagamitang panturo at teknolohiya, kaalaman at kasanayan ng guro, at pagkakaiba-iba ng kakayahan, interes, at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sinuri ang mga baryabol batay sa pagtataya ng mga respondyente upang makabuo ng mga rekomendasyong pampolisiya para sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino.

### *E. Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos*

Sinimulan ang pananaliksik sa presentasyon ng panukalang pamagat sa komite ng pananaliksik at pagsasagawa ng mga kinakailangang pagwawasto batay sa mga puna at mungkahi. Pagkatapos mabuo ang talatanungan, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Dekana ng Paaralang Gradwado, Tagamasid Pampurok, at mga punong-guro ng mga natukoy na paaralan upang maisagawa ang pangangalap ng datos. Matapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot, ipinamahagi ang talatanungan sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Polangui North. Kinolekta, itinala, at inayos ang mga nakuhang tugon para sa pagsusuri at interpretasyon. Inihanda ang resulta bilang bahagi ng manuskrito at isinailalim sa mga kinakailangang pagwawasto at proseso ng pagdepensa.

### *F. Pagsusuri ng Datos*

Ginamit ang frequency count, bahagdan, weighted mean, at ranggo upang mailarawan at masuri ang mga tugon ng mga respondyente. Ang frequency count at bahagdan ay ginamit upang matukoy ang dalas at proporsiyon ng mga tugon, samantalang ang weighted mean ay ginamit upang masukat at bigyang-kahulugan ang antas ng kabisaan ng DI at mga hamong nararanasan ng mga guro batay sa limang-puntong iskala. Ginamit ang Kendall Coefficient of Concordance W upang matukoy ang antas ng pagkakasundo sa pagkakasunod-sunod ng mga ranggo ng pagtataya ng mga respondyente (Siegel, 1988). Ginamit din ang chi-square upang suriin ang estadistikal na kahalagahan ng pagkakasundo ng mga ranggo (Siegel, 1988). Itinakda ang antas ng kabuluhan sa 0.05. Ang mga resulta ng pagsusuring ito ay nagsilbing batayan sa pagbubuo ng mga rekomendasyong pampolisiya para sa pagpapahusay ng paggamit ng DI sa pagtuturo ng Filipino.

### *G. Etikal ng Konsiderasyon*

Bilang pagsasaalang-alang sa etika ng pananaliksik, humingi ang mananaliksik ng pahintulot sa Dekana ng Paaralang Gradwado, Tagamasid Pampurok, at mga punong-guro ng mga paaralang kalahok bago ang pangangalap ng datos. Sa liham para sa mga respondyente, ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral at hiniling ang kanilang pahintulot na sagutan ang talatanungan. Ginawang opsyonal ang paglalagay ng pangalan, at tiniyak sa liham na mananatiling

kompidensiyal ang mga resulta at gagamitin lamang ang mga ito para sa kasalukuyang pananaliksik.

## RESULTA AT TALAKAYAN

### *A. Antas ng Kabisaan ng Differentiated Instruction sa Pagtuturo ng Filipino*

Sa kabuuan, tinaya ng mga respondyente ang paggamit ng DI bilang mabisang mabisa, na may pangkalahatang weighted mean na 4.55. Nagtala ng pinakamataas na pagtataya ang motibasyon (4.66), sinundan ng aktibong pakikilahok (4.61), tiwala sa sarili sa pagsasalita at pagsusulat (4.56), at pagganap sa pagsusulit (4.50). Samantala, ang pag-unawa sa mga tekstong binabasa ay nakakuha ng 4.43, na may interpretasyong higit na mabisa.

Ipinahihiwatig ng resulta na positibo ang pagtataya ng mga guro sa DI sa iba't ibang aspekto ng pagkatuto ng Filipino. Gayunman, higit na nangangailangan ng pagpapahusay ang pag-unawa sa binabasa kumpara sa iba pang nasuring aspekto. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Bautista (2021) na ang mataas na motibasyon ay hindi awtomatikong nangangahulugan ng mahusay na pag-unawa sa binabasa sapagkat nangangailangan din ito ng espesipikong pagsasanay sa paghinuha, pagbubuod, at iba pang estratehiyang kognitibo.

#### Motibasyon sa Pag-aaral ng Filipino

Nagtala ang motibasyon ng kabuuang weighted mean na 4.66, na may interpretasyong mabisang mabisa. Pinakamataas ang pagtataya sa pagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa dahil sa paggamit ng mga estratehiyang naaayon sa pangangailangan ng mag-aaral (4.75). Sinundan ito ng kasiglahan at interes sa aralin (4.72) at pagpupunyagi sa pagkumpleto ng mga gawain (4.72). Pinakamababa, bagaman mabisang mabisa pa rin, ang pagiging bukas sa mga gawaing may mas mataas na antas ng kahirapan (4.58). Ipinapakita ng pagtataya na nakatutulong ang mga gawaing naaayon sa kakayahan sa pagpukaw ng interes at pagpapanatili ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Gayunman, ang mas mababang pagtataya sa pagtanggap ng mahihirap na gawain ay nagpapahiwatig ng pangangailangan sa unti-unting pagdaragdag ng antas ng kahirapan at sapat na paggabay. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Bernales, et al., (2019) ang kahalagahan ng positibong pagpapatibay at paggabay upang malinang ang kahandaan ng mga mag-aaral sa mas mapanghamong gawaing pang-akademiko.

#### Aktibong Pakikilahok sa Talakayan

Nagtala ang aktibong pakikilahok ng kabuuang weighted mean na 4.61, na may interpretasyong mabisang mabisa. Pinakamataas ang pagsali ng mga mag-aaral na may magkakaibang antas ng kakayahan sa pamamagitan ng angkop na estratehiya ng guro (4.70), sinundan ng makabuluhang argumento at masusing pagsusuri (4.65). Pinakamababa ang pagpapalawak ng talakayan gamit ang impormasyong mula sa sariling pananaliksik o karanasan (4.51), bagaman nanatili ito sa kategoryang mabisang mabisa. Ipinahihiwatig ng resulta na ang pag-aangkop ng mga estratehiya ay nagbibigay ng pagkakataong makilahok ang mga mag-aaral sa talakayan. Gayunman, nangangailangan pa ng pagpapahusay ang kanilang kakayahang maghanap at magbahagi ng karagdagang impormasyon mula sa ibang sanggunian. Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral ni Garcia (2021) na ang limitadong kasanayan sa sariling pananaliksik ay maaaring maging hadlang sa pagpapalalim ng mga talakayang pang-akademiko.

#### Tiwala sa Sarili sa Pagsasalita at Pagsusulat sa Filipino

Nagtala ang tiwala sa sarili sa pagsasalita at pagsusulat ng kabuuang weighted mean na 4.56, na may interpretasyong mabisang mabisa. Pinakamataas ang pagpapahayag ng malinaw na pangungusap at organisadong kaisipan (4.61), sinundan ng inisyatiba sa mga talakayan at presentasyon (4.59). Pinakamababa ang pagsulat ng sanaysay, tula, at iba pang akdang Filipino nang may tapang at kasiglahan (4.51). Ipinakikita ng resulta na positibo ang pagtataya ng mga guro sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng ideya sa Filipino. Gayunman, ang malikhaing pagsulat ang nangangailangan ng karagdagang suporta, lalo na sa pagbuo ng mga akdang pampanitikan. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Santiago (2022) na ang pagpili ng mga paksang malapit sa personal na karanasan, pagbibigay ng positibong puna, at paggamit ng mga huwaran ay nakatutulong sa pagpapalakas ng loob ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat.

#### Pag-unawa sa mga Tekstong Binabasa

Nagtala ang pag-unawa sa binabasa ng kabuuang weighted mean na 4.43, na may interpretasyong higit na mabisa. Pinakamataas ang pagbibigay ng sariling pananaw tungkol sa nilalaman ng teksto at pag-uugnay nito sa karanasan at realidad ng mag-aaral, na kapwa may weighted mean na 4.50. Pinakamababa ang paghahambing at pagtatangi ng mga ideya mula sa iba't ibang bahagi ng akda (4.36). Ipinahihiwatig ng resulta na mas mataas ang pagtataya sa personal na interpretasyon at pag-uugnay ng teksto sa karanasan kaysa sa mga gawaing nangangailangan ng paghahambing at masusing pagsusuri. Kaugnay nito, natukoy ni Santos (2022) na nangangailangan ng paulit-ulit na paggabay at pagmomodelo ang mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa paghahambing at pagtatangi ng mga ideya.

#### Pagganap sa mga Pagsusulit sa Filipino

Nagtala ang pagganap sa pagsusulit ng kabuuang weighted mean na 4.50, na may interpretasyong mabisang mabisa. Pinakamataas ang pagganap sa mga gawaing nakabatay sa aktuwal na pagtataya o performance-based assessment (4.58), sinundan ng konsistensiya sa mataas na marka sa magkakaibang uri ng pagsusulit (4.57). Pinakamababa ang pagbawas ng mga pagkakamali sa pagsusulit (4.40), na may interpretasyong higit na mabisa. Ipinahihiwatig ng resulta na positibo ang pagtataya sa pagpapakita ng natutuhan sa pamamagitan ng aktuwal na pagganap. Gayunman, nangangailangan pa ng pagpapahusay ang katumpakan ng mga sagot sa pagsusulit. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Reyes (2023) ang kahalagahan ng paunang pagtataya, pagsasanay, at sistematikong pagbibigay ng puna upang matulungan ang mga mag-aaral na matukoy at maitama ang kanilang mga pagkakamali.

### *B. Mga Hamong Nararanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Differentiated Instruction*

Sa kabuuan, nagtala ang mga hamon ng pangkalahatang weighted mean na 4.51, na may interpretasyong

pinakamatinding hamon. Pinakamataas ang kakulangan sa kagamitang panturo at teknolohiya (4.63), sinundan ng kakulangan sa kasanayan at kaalaman sa DI (4.52). Samantala, ang kakulangan sa oras sa paghahanda (4.46) at pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral (4.44) ay kapwa tinayang mas matinding hamon. Ipinapakita ng resulta na ang mga pangunahing suliraning natukoy ng mga guro ay nakatuon sa pagkakaroon ng sapat na kagamitan at kakayahang pedagohikal. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Thompson (2020) na kailangang magkasabay na tugunan ang kakulangan sa materyales at kasanayan upang mapahusay ang pagpapatupad ng mga estratehiyang panturo.

**Kakulangan sa Oras sa Paghahanda ng Aralin**

Nagtala ang kakulangan sa oras ng kabuuang weighted mean na 4.46, na may interpretasyong mas matinding hamon. Pinakamataas ang pagkakasabay-sabay ng iba pang tungkulin ng guro (4.60), sinundan ng kahirapan sa pagbuo ng alternatibong gawain para sa mga mag-aaral na may magkakaibang bilis ng pagkatuto (4.57) at kakulangan ng panahon sa paghahanda ng iba't ibang materyales (4.54). Pinakamababa ang kakulangan ng panahon sa pagsasanay sa paggamit ng mga inihandang aralin (4.30). Ipinahihiwatig ng resulta na ang pagkakasabay-sabay ng mga responsibilidad ay naglilimita sa oras na maaaring ilaan sa pagdidisenyo ng mga gawaing naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Smith at Doe (2022) na ang mga gawaing hindi direktang kaugnay ng pagtuturo ay maaaring makabawas sa panahong nailalaan ng mga guro sa paghahanda at pagpapatupad ng DI.

**Kakulangan sa Kagamitang Panturo at Teknolohiya**

Nagtala ang kakulangan sa kagamitan at teknolohiya ng kabuuang weighted mean na 4.63, na may interpretasyong pinakamatinding hamon. Pinakamataas ang limitadong akses sa internet (4.71), sinundan ng kakulangan sa kagamitang panturo (4.68) at kahirapan sa pagbibigay ng visual aids at manipulative materials (4.66). Pinakamababa ang hadlang sa paggamit ng multimedia presentations (4.55), bagaman kabilang pa rin ito sa pinakamatinding hamon. Ipinakikita ng resulta na ang limitadong akses sa internet at mga kagamitang panturo ay nakaaapekto sa kakayahan ng mga guro na maghanda at gumamit ng iba't ibang materyales. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Garcia (2023) na ang kakulangan sa teknolohiya at suportang pampaaralan ay nagiging balakid sa pagpapatupad ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo.

**Kakulangan sa Kasanayan at Kaalaman ng Guro**

Nagtala ang kakulangan sa kasanayan at kaalaman ng guro ng kabuuang weighted mean na 4.52, na may interpretasyong pinakamatinding hamon. Pinakamataas ang kakulangan sa pagsasanay at propesyonal na pag-unlad sa DI (4.63), sinundan ng kahirapan sa pagbuo ng mga layuning pampagkatutong naaayon sa pangangailangan ng mag-aaral (4.60) at limitadong kaalaman sa pagtataya gamit ang DI (4.55). Pinakamababa ang kahirapan sa pamamahala ng oras at gawain dahil sa kakulangan ng kasanayan (4.44). Ipinahihiwatig ng resulta na mahalaga ang sapat na pagsasanay sa pagbuo ng layunin, pagpili ng estratehiya, at pagtataya ng pagkatuto upang maipatupad ang DI. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Reyes (2021) na ang propesyonal na pag-unlad ng mga guro ay dapat maging tuloy-tuloy at hindi limitado sa iisang pagsasanay.

**Pagkakaiba-iba sa Kakayahan, Interes, at Estilo ng Pagkatuto**

Nagtala ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral ng kabuuang weighted mean na 4.44, na may interpretasyong mas matinding hamon. Pinakamataas ang kahirapan sa pagbibigay ng pantay na atensiyon sa mga mag-aaral na may magkakaibang bilis ng pagkatuto (4.51), sinundan ng pagdidisenyo ng mga gawaing naaangkop sa iba't ibang antas ng kakayahan (4.50). Pinakamababa ang kalituhan sa pagsasabay ng mga estratehiya para sa magkakaibang pangangailangan (4.36). Ipinahihiwatig ng resulta na nangangailangan ang pag-aangkop ng pagtuturo ng masusing pagkilala sa kahandaan at pangangailangan ng bawat mag-aaral. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Tomlinson (2017) ang paggamit ng scaffolding at ang papel ng guro sa pagbibigay ng angkop na suporta upang matugunan ang magkakaibang antas ng kakayahan sa isang inklusibong silid-aralan.

***C. Pagkakasundo ng mga Ranggo sa Pagtataya ng mga Respondyente***

**Pagkakasundo ng mga Ranggo sa Antas ng Kabisaan**

Nagpakita ng estadistikang makabuluhang pagkakasundo ang mga ranggo ng pagtataya sa limang aspekto ng kabisaan ng DI. Nagtala ang motibasyon ng Kendall's W na 0.91 at $\chi^2$ na 24.57 ($p<0.005$); aktibong pakikilahok, $W = 0.78$ at $\chi^2 = 18.72$ ($p<0.025$); tiwala sa sarili, $W = 0.84$ at $\chi^2 = 17.64$ ($p<0.025$); pag-unawa sa binabasa, $W = 0.89$ at $\chi^2 = 24.03$ ($p<0.005$); at pagganap sa pagsusulit, $W = 0.77$ at $\chi^2 = 18.48$ ($p<0.01$). Tinanggap sa orihinal na pagsusuri ang alternatibong haypotesis para sa lahat ng aspekto. Ipinahihiwatig ng mga resulta ang pagkakatulad ng pagkakasunod-sunod ng mga pagtataya sa kabisaan ng DI sa mga pangkat ng paaralan. Kaugnay nito, iniuugnay sa Differentiated Instruction Theory, (Carol Ann Tomlinson, 2001) ang kahalagahan ng pag-aangkop ng nilalaman, proseso, at inaasahang awtput batay sa kahandaan at interes ng mga mag-aaral. Gayunman, ang pagkakasundo ng mga ranggo ay hindi sa sarili nito patunay na ang DI ang direktang sanhi ng pagtaas ng marka o pag-unlad ng mga mag-aaral.

**Pagkakasundo ng mga Ranggo sa mga Hamong Nararanasan**

Nagpakita rin ng estadistikang makabuluhang pagkakasundo ang mga ranggo ng pagtataya sa apat na kategorya ng hamon. Nagtala ang kakulangan sa oras ng Kendall's W na 0.90 at $\chi^2$ na 24.30 ($p<0.005$); kagamitan at teknolohiya, $W = 0.87$ at $\chi^2 = 18.49$ ($p<0.025$); kasanayan at kaalaman ng guro, $W = 0.83$ at $\chi^2 = 22.41$ ($p<0.01$); at pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral, $W = 0.80$ at $\chi^2 = 19.20$ ($p<0.025$). Tinanggap ang alternatibong haypotesis para sa lahat ng kategorya. Ipinahihiwatig ng mga resulta na may pagkakasundo sa pagkakasunod-sunod ng mga hamong tinaya sa mga pangkat ng paaralan. Kaugnay nito, ginagamit sa orihinal na talakayan ang konsepto ng Zone of Proximal Development ni Lev Vygotsky (1978) upang ipaliwanag ang kahalagahan ng angkop na paggabay sa mga mag-aaral. Sa kontekstong ito, ang kakulangan sa oras, kagamitan, at kasanayan ng guro ay maaaring maglimita sa

pagbibigay ng suportang naaayon sa pangangailangan ng bawat mag-aaral.

### *D. Mga Rekomendasyong Pampolisiya Batay sa mga Natuklasan*

Batay sa mga resulta, nabuo ang mga rekomendasyong pampolisiya na nakatuon sa pagpapahusay ng pagtuturo, pag-unawa sa binabasa, at suporta sa mga guro. Kabilang dito ang pagdidisenyo ng mga gawaing may magkakaibang antas ng kahirapan, pagpapalakas ng information literacy, paggamit ng kontemporaryong panitikan, pagbubuo ng mga remedial module, at pagpapalawak ng akses sa mga babasahin. Iminungkahi rin ang paglalaan ng sapat na oras at pondo para sa Learning Action Cells, pagbubuo ng shared resource banks, pagpapahusay ng kagamitang digital, pagsasagawa ng intensibong pagsasanay at mentoring, paunang pagtataya, at pagrerepaso sa teaching load ng mga guro. Ang mga rekomendasyong ito ay tumutugon sa mga aspektong may mababang pagtataya sa kabisaan ng DI at sa mga hamong may mataas na weighted mean. Partikular na binibigyang-pansin ang pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa, pagkakaroon ng sapat na kagamitang panturo, pagbibigay ng tuloy-tuloy na pagsasanay, at paglalaan ng sapat na oras sa paghahanda ng aralin. Sa pamamagitan ng mga mungkahing ito, maaaring magamit ang mga natuklasan bilang batayan sa pagpaplano ng mga hakbang para sa mas sistematiko at angkop na pagpapatupad ng DI sa pagtuturo ng Filipino.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

### *A. Kongklusyon*

Batay sa mga natuklasan, ang paggamit ng Differentiated Instruction (DI) sa pagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya ay tinayang mabisang mabisa, na may pangkalahatang weighted mean na 4.55. Pinakamataas ang pagtataya sa motibasyon (4.66), samantalang pinakamababa ang pag-unawa sa mga tekstong binabasa (4.43). Gayunman, ang mga hamong nararanasan ng mga guro ay tinayang pinakamatindi (4.51), partikular ang kakulangan sa kagamitang panturo at teknolohiya (4.63) at kasanayan at kaalaman sa DI (4.52). Natukoy rin ang makabuluhang pagkakasundo ng mga ranggo sa pagtataya ng kabisaan at mga hamon. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga resulta ang positibong pagtataya ng mga guro sa DI, ngunit nangangailangan ang pagpapatupad nito ng sapat na kagamitan, pagsasanay, oras, at suportang institusyonal. Ang mga natuklasan ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya para sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino.

### *B. Rekomendasyon*

Batay sa mga resulta, inirerekomenda ang pagpapatupad ng pamantayang kagamitang diagnostiko upang matukoy ang kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral, regular na pagsasanay ng mga guro sa pagbuo ng angkop na kagamitang panturo, at paglalaan ng sapat na pondo para sa teknolohiya at iba't ibang antas ng babasahing Filipino. Iminumungkahi rin ang paggamit ng pleksibleng sistema ng pagtataya, paglilimita sa bilang ng mga mag-aaral sa bawat klase, at pagpapatupad ng mga nabuong rekomendasyong pampolisiya. Para sa mga susunod na pananaliksik, iminumungkahi ang pagsasagawa ng katulad na pag-aaral sa ibang sangay o purok at pagsusuri sa paggamit ng leveled readers, pleksibleng pagtataya, kahandaan ng mga guro, multimodal na materyales, kagamitang diagnostiko, malikhaing pagsulat, at kontekstuwalisadong kagamitang panturo.

Limitado ang pag-aaral sa 39 na gurong nagtuturo ng Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Purok ng Polangui North, Sangay ng Albay, sa Taong Panuruan 2025–2026. Hindi saklaw ang mga guro sa ibang asignatura, antas, o distrito. Nakabatay rin ang pagsusuri sa mga pagtataya ng mga gurong respondyente. Dahil dito, ang mga natuklasan ay dapat unawain ayon sa partikular na saklaw ng pag-aaral at hindi awtomatikong iangkop sa lahat ng paaralan.

## PASASALAMAT

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa Pamantasan ng Hilagang Silangan ng Pilipinas, sa tagapayo at komite ng pananaliksik, sa Tagamasid Pampurok ng Polangui North, at sa mga punong-guro ng mga kalahok na paaralan sa kanilang pahintulot, paggabay, at suporta. Lubos ding kinikilala ang mahalagang pakikilahok ng 39 na gurong nagtuturo ng Filipino na nagbahagi ng kanilang mga karanasan at pagtataya. Ang kanilang kontribusyon ay naging pangunahing batayan sa pagsusuri sa kabisaan at mga hamon ng paggamit ng Differentiated Instruction at sa pagbuo ng mga rekomendasyong pampolisiya para sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya.

## SANGGUNIANG BANGGIT

AM, M. A., Hadi, S., Istiyono, E., & Retnawati, H. (2023). Does differentiated instruction affect learning outcome? Systematic review and meta-analysis. Journal of Pedagogical Research, 7(5), 18–33. https://doi.org/10.33902/JPR.202322021

Bautista, R. (2021). Koneksyon ng motibasyon at komprehensyon sa pagkatuto ng wika. Limbagang Pamantasan.

Bernales, R. A., Ravina, E. A., & Pascual, M. E. (2019). Estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa Filipino. Mutya Publishing House, Inc.

CAST. (2024). CAST Universal Design for Learning Guidelines version 3.0. https://udlguidelines.cast.org

Clinton-Lisell, V., & Litzinger, C. (2024). Is it really a neuromyth? A meta-analysis of the learning styles matching hypothesis. Frontiers in Psychology, 15, Article 1428732. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2024.1428732

Garcia, J. M. (2021). Independent research skills and classroom participation among senior high school students [Unpublished manuscript]. Department of Education.

Kahmann, R., Droop, M., & Lazonder, A. W. (2022). Meta-analysis of professional development programs in differentiated instruction. International Journal of Educational Research, 116, Article 102072. https://doi.org/10.1016/j.ijer.2022.102072

Langelaan, B. N., Gaikhorst, L., Smets, W., & Oostdam, R. J. (2024). Differentiating instruction: Understanding the key elements for successful teacher preparation and development. Teaching and Teacher Education, 140, Article 104464. https://doi.org/10.1016/j.tate.2023.104464

Pinaranda, S. M., & Sario, M. B. (2024). Differentiated instruction on academic performance in Filipino subject. Asian Journal of Education and Social Studies, 50(7), 408–415. https://doi.org/10.9734/ajess/2024/v50i71473

Porta, T., Todd, N., & Gaunt, L. (2024). Australian senior-secondary teachers' perceptions of leadership and policy for differentiated

instruction. British Educational Research Journal, 50, 1022–1042. https://doi.org/10.1002/berj.3967

Republic Act No. 11650. (2022). Instituting a policy of inclusion and services for learners with disabilities in support of inclusive education act. https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2022/03mar/20220311-RA-11650.pdf

Reyes, J. P. (2023). Analisis ng mga karaniwang pagkakamali sa pagsusulit sa Filipino: Tungo sa mabisang feedback mechanism. Malikhaing Guro Publishing.

Rivera, M. G., & Mangindra, A. (2025). Differentiated instruction in teaching communication and research in Filipino language and culture and it's effect to the senior high school students' learning. International Journal of Arts, Sciences and Education, 6(1), 131–139. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/414

Santiago, L. D. (2022). Malikhaing pagsulat: Hamon at estratehiya sa makabagong kurikulum. Sining ng Panitikan at Wika, 5(1), 112–125.

Santos, A. M. (2022). Analitikal na pagbasa sa makabagong panahon: Pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-uuri ng impormasyon. National Reading Journal, 8(2), 112–125.

Siegel, S., & Castellan, N. J., Jr. (1988). Nonparametric statistics for the behavioral sciences (2nd ed.). McGraw-Hill.

Tomlinson, C. A. (2001). How to differentiate instruction in mixed-ability classrooms (2nd ed.). ASCD.

United Nations. (2015). Transforming our world: The 2030 Agenda for Sustainable Development. https://sdgs.un.org/2030agenda

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.